Charter of Human Responsibilities
Mga Prinsipyong Gabay sa Pananagutan

1. Lahat ng tao ay may pananagutan na tiyakin na ang Karapatang Pantao ay isinasabuhay natin sa ating isip at gawa.

2. Kalakip ng dignidad ng tao ay ang pag-ambag sa kalayaan at dignidad ng iba.

3. Pananagutan nating tiyakin ang pagkamit ng kabuuang potensyal ng tao – ng material na pangangailangan gayundin ng di-materyal na hangarin, at ang pagkilos para sa kagalingan ng lahat.

4. Ang pangmatagalang kapayapaan ay makakamit lamang kung may kalayaan, katarungan, at pamamaraan para sa pagkakasundo - na may paggalang sa dignidad at karapatan ng tao.

5. Ang kaunlaran, pagkonsumo ng likas na yaman para sa pangangailangan ng tao, at ang pagkilos para sa kasaganahan ay kailangang sinasandigan ng prinsipyo ng pag-alaga ng likas-yaman at makatarungang paghahati ng kasaganahan.

6. Mahalaga ang pagbibigay-halaga sa iba't ibang tipo ng kaalaman at sistema ng pag-alam, nang sa gayon ay lubos na makapagsilbi ang kaalaman ng sangkatauhan sa pagbubuo ng pagkakaisa at ng isang kultura ng kapayapaan.

7. Ang kalayaan para sa pananaliksik at pag-unlad ng agham ay kailangang ginagabayan ng mga tuntuning etikal.

8. Ang kapangyarihan ay lehitimo lamang kung ito ay nagsisilbi sa kagalingan ng lipunan, at kung ito ay isinasagawa nang may pananagutan.

9. Sa paggawa ng mga pasya, kailangang masinsinang timbangin ang pangmatagalang epekto nito, halimbawa sa kalikasan o sa katarungan.

10. Para maharap ng sangkatauhan ang hamon ng panahon at ng kinabukasan, ang pagkakaisa sa pagkilos ay kailangang may kaakibat na paggalang sa pagkakaiba-iba ng mga tao.

Look more here: **www.humanrights.aboutphilippines.ph**